REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-61

KAPASIYAHAN NA NAGLALAYONG MAGTATAG NG ISANG PAMBAYANG FUNERAL PARLOR PARA SA MGA MARALITANG MAMAMAYAN NG MUNTINLUPA.

*************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Lucio B. Constantino

*************************************************************

SAPAGKAT, sa kulturang Pilipino ay kinagawian na ang pagpapakita ng paggalang sa mga namayapa sa pamamagitan ng paglalamay o pagbabantay sa panahong ito ay nakaburol;

SAPAGKAT, lahat ng antas ng pamumuhay ay lubhang mataas kasama na rito ang gastos ng pagpapalibing na nakapagpapahirap sa kalagayan ng mga naulila;

SAPAGKAT, marapat na bigyan ng alalay o suporta ang mga naiwan upang maibsan ang kapighatiang kanilang nadarama;

SAPAGKAT, marami sa mga nagdarahop nating kababayan ay walang lugar at kapasidad na maipalibing ang kanilang mga yumao;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na magtatag ng isang Municipal Funeral Parlor para sa mga maralitang mamamayan ng Muntinlupa at pinagpasiyahan pang muli na:

a. Ang funeral parlor ay itatayo sa isang lugar na magiging maginhawa at kumbinyente sa mga makikidalamhati at maglalamay doon;

b. Ang pangangasiwa at pondong paggagamitan sa itatayong funeral parlor ay kukunin mula sa pondo ng Tanggapan ng Punongbayan;

k. Ang pagkakaloob ng mga miyembro ng Sangguniang Bayan ng bulaklak sa mga naulila bilang bahagi ng ng kanilang pakikidalamhati at ang paglalaan ng kaukulang pondo para dito.

PINAGTIBAY NG NAKARARAMING Kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-37th regular na pulong na ginanap ngayong ika-26 ng Abril, 1993.

PINATOTOHANAN:

KGG. ROGER C. SMITH
Pansamantalang Punong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng Sangguniang Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan